# Salitang buhay

gabay ng mga nagmimisyong lingkod ng Panginoon



## Ikalabing-anim na Linggo pagkaraan ng Pentekostes

TAON B | SETYEMBRE 08, 2024 | LUNTIAN

**PANIMULA**

*Namumuno* Magandang araw po sa ating lahat, ngayon po ay nagdiriwang tayo ng Ikalabing-anim na Linggo pagkaraan ng Pentekostes.

Sa pamamagitan ng pakikisalo natin sa Banal na Eukaristiya, patuloy tayong nakatatanggap ng liwanag mula sa Panginoon—liwanag na nagdadala sa atin sa katiyakan ng buhay; at liwanag na gumigising sa ating pagkabulag at pagkabingi dahil sa ating mga maling asal at gawain. Dahil sa Eukaristiya, pinapaging-bago tayo ng Diyos para maging kasalo Niya sa Kanyang marilag na hapag. Subalit ang malaking hamon pa rin sa ating lahat ay kung paano natin naisasabuhay ang liwanag na ipinagkaloob sa atin ng ating Tagapagligtas. At dahil sa araw na ito,

pumarito tayo hindi lamang sa pagtanggap ng Kanyang Katawan at Dugo kundi magkaroon ng pagkatuto at patuloy na magliwanag sa ating buhay ang Kanyang mga aral.

*Tatayo ang lahat para sa pagsisimula ng Banal na Misa.*

**PANALANGING PAMBUNGAD**

*Pari* Mapaglingap naming Diyos, magiliw Mo pong pakinggan ang mga anak Mo na Iyong kinupkop at tinubos: Pagkalooban Mo ang mga sumasampalataya sa Iyong bugtong na Anak ang kalayaan mula sa mga karamdaman at kapahamakan upang patuloy na maihayag ang Iyong kabutihan; sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon, na nabubuhay at naghaharing kasama Mo at ng Espiritu Santo, iisang Diyos, ngayon at magpakailanman. *Amen.*

*Uupo ang lahat upang pakinggan ang mga pagbasa.*

**UNANG PAGBASA |** Isaias 35:4-7a **|**

*Kung mayroong pananampalataya ang isang tao, hindi siya pababayaan ng Diyos. Ito ang sinasabi ni propeta Isaias. Manalig at huwag matakot sa Kanya sapagkat ang lahat ng tulong at gabay ay nagmumula sa Panginoon.*

*Tagabasa* **Pagbasa mula aklat ni propeta Isaias.**

Ito ang sabihin sa pinanghihinaan ng loob: “Huwag kang matakot, lakasan mo ang iyong loob, darating na ang

Panginoong Diyos, at ililigtas ka sa mga kaaway." Ang mga bulag ay makakikita, at makaririnig ang mga bingi; katulad ng usa, ang pilay lulundag, aawit sa galak ang mga pipi. Mula sa gubat ay bubukal ang tubig at ang mga batis dadaloy sa ilang; ang umuusok na buhanginan ay magiging isang lawa, sa tigang na lupa ay babalong ang tubig."

*Tagabasa* Ang Salita ng Panginoon.
*Bayan* ***Salamat sa Diyos.***

**SALMO RESPONSORIO |** Awit 146 **|**

**SA DIYOS NA LUMIKHA NG KALANGITAN, ANG KANYANG PANGAKO AY MAAASAHAN**

*Namumuno* Kung sila'y mamatay, balik sa alabok, anumang balangkas nila'y natatapos. Mapalad ang tao, na ang kanyang Diyos na laging katulong ay ang Diyos ni Jacob. **TUGON.**

*Namumuno* Sa Diyos na lumikha niyong kalangitan, ng lupa at dagat, at lahat ng bagay ang kanyang pangako ay maaasahan. Panig sa naaapi, kung siya'y humatol, may pagkaing handa sa nangagugutom. **TUGON.**

*Namumuno* Pinalaya niya ang mga nabihag; isinasauli, paningin ng bulag; lahat ng inapi ay itinataas, ang mga hinirang niya'y nililingap! **HULING TUGON.**

**IKALAWANG PAGBASA |** Santiago 2:1-10, 14-17 **|**

*Sa aral ni Santiago, mariing ibinabahgi niya ang ukol sa pagtulong sa kapwa. Ang pagmamahal na kaakibat ang responsibilidad ay pagsasakatuparan ng layunin ng Diyos ng pagkakapantay-pantay at ang pananampalatayang makabuluhan ay hindi lamang sa bibig nagmumula kundi sa tunay na paggawa.*

*Tagabasa* **Pagbasa mula sa sulat ni Apostol Santiago.**

Mga kapatid, bilang mga sumasampalataya sa ating Panginoong Hesukristo, ang dakilang Panginoon, huwag kayong magtatangi ng tao. Halimbawa: pumasok sa inyong kapulungan ang isang lalaking nakasingsing ng ginto at nakadamit nang magara, at isa namang dukha na panay sulsi ang damit. Kung asikasuhin ninyong mabuti yaong magara ang damit at sabihin sa kanya, “Dito kayo maupo," at sabihin naman sa dukha, "Tumayo ka na lang diyan," o kaya’y "Sa sahig ka na lang maupo," nagtatangi na kayo at humahatol nang mali. Tingnan ninyo, mga kapatid kong minamahal! Hinirang ng Diyos ang mga dukha sa sanlibutan upang maging mayaman sa pananampalataya at maging kasama sa kahariang ipinangako niya sa mga umiibig sa kanya. Ngunit hinahamak naman ninyo ang dukha! Hindi ba’t ang mayayaman ang sumisiil sa inyo? Hindi ba sila ang kumakaladkad sa inyo sa hukuman? Hindi ba’t sila rin ang dumudusta sa marangal na pangalang ibinigay sa inyo ng Diyos? Mabuti ang inyong ginagawa kung tinutupad ninyo ang kautusang ibinigay ng Diyos, na nasasaad sa Kasulatan, "Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili." Ngunit kung hindi pare-pareho ang tingin ninyo sa tao, kayo’y nagkakasala, at ayon sa Kautusan, dapat kayong parusahan. Ang tumutupad sa buong Kautusan ngunit lumabag sa isa ay

lumabag sa lahat. Mga kapatid, ano ang mapapala ng isang tao kung sabihin man niyang siya'y may pananampalataya, ngunit hindi naman niya pinatutunayan sa gawa? Maililigtas ba siya ng gayong pananampalataya? Halimbawa: ang isang kapatid ay walang maisuot at walang makain. Kung sabihin ng isa sa inyo, "Patnubayan ka nawa ng Diyos. Magbihis ka't magpakabusog," ngunit hindi naman siya binibigyan ng kanyang kailangan, may mabuti bang maidudulot sa kanya iyon? Gayon din naman, patay ang pananampalatayang walang kalakip na gawa.

*Tagabasa* Ang Salita ng Panginoon.
***Bayan*** ***Salamat sa Diyos.***

*Tatayo ang lahat sa Banal na Ebanghelyo ng Panginoon.*

**ANG EBANGHELYO |** Marcos 7:24-37 **|**

*Aleluya! Aleluya! Pumarito kayo, kayo ay lumapit at ako'y pakinggan, makinig sa akin nang kayo'y mabuhay! Aleluya! Aleluya!*
***-Awit 55:3***

*Pari* Ang Panginoon ay sumainyo.
***Bayan*** ***At sumaiyo rin.***

*Pari* Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos.
***Bayan*** ***Luwalhati sa Iyo, Panginoong Hesukristo.***

Noong panahong iyon, umalis si Hesus at nagtungo sa lupain ng Tiro at tumuloy sa isang bahay doon. Ayaw sana niyang malaman ninuman na naroon siya, subalit hindi gayon ang nangyari. Ang pagdating niya'y nabalitaan ng

isang inang may maliit na anak na babaing inaalihan ng masamang espiritu. Pumunta siya agad kay Hesus at nagpatirapa sa kanyang harapan. Ang babaing ito'y Hentil - tubo sa Sirofenicia. Ipinamanhik niya kay Hesus na palayasin ang demonyo na nasa kanyang anak, ngunit sinabi ni Hesus, "Kailangang busugin muna ang mga anak. Hindi dapat kunin ang pagkain ng mga anak upang ihagis sa mga tuta." "Tunay nga po, Panginoon," tugon ng babae, "ngunit ang mga tuta mang nasa ilalim ng hapag ay naninimot ng mga mumong nalalaglag ng mga anak." Kaya't sinabi sa kanya ni Hesus, "Dahil sa sinabi mo, maaari ka nang umuwi. Iniwan na ng demonyo ang iyong anak." Umuwi ang babae, at naratnan niya sa higaan ang bata. Iniwan na nga ng demonyo. Pagbabalik ni Hesus mula sa lupain ng Tiro, dumaan siya sa Sidon, at nagtuloy sa Lawa ng Galilea, matapos tahakin ang lupain ng Decapolis. Dinala sa kanya ang isang lalaking bingi at utal at ipinamanhik nila na ipatong sa taong ito ang kanyang kamay. Inilayo muna siya ni Hesus sa karamihan at isinuot ang kanyang mga daliri sa tainga nito. Pagkatapos, lumura at hinipo ang dila nito. Tumingala si Hesus sa langit at nagbuntong-hininga, at sinabi sa tao, "Effata," ibig sabihi'y "Mabuksan!" at nakarinig na ito, nawala ang pagkautal at nakapagsalita na nang malinaw. Sinabi ni Hesus sa mga tao na huwag ibalita ito kaninuman; ngunit kung kailan sila pinagbawalan ay lalo naman nilang ipinamamalita ito. Sila'y lubhang nanggilalas, at ang wika, "Anong buti ng lahat ng kanyang ginawa! Nakaririnig na ang bingi, at nakapagsasalita ang pipi!"

*Pari* Ang Mabuting Balita ng Panginoon.
***Bayan*** ***Papuri sa Iyo, Panginoong Hesukristo.***

*Isusunod ang Homilya at ipagpapatuloy sa Liturhiya ng Banal na Eukaristiya.*

**PANALANGIN NG BAYAN**

*Luluhod ang lahat.*

*Pari* Sa kabila ng mga biyayang dulot ng makabagong agham at teknolohiya, nakararanas pa rin tayo ng kakulangan at limitasyon sa lahat ng aspeto ng ating buhay. Kailangan pa rin natin ang mapagligtas na pamamatnubay ng Diyos sa ating buhay. Kaya manalangin tayo: ***Panginoon, dinggin Mo kami.***

*Lektor* Para sa buong Simbahang Pandaigdig: Nawa magtagumpay siya sa pagtataguyod ng pangmatagalang kapayapaan at tapat na pakikipagkasundo sa mga bansa. Manalangin tayo. ***Panginoon, dinggin Mo kami.***

*Lektor* Para sa mga pinanghihinaan ng loob at waring napapabayaan ng lahat: Nawa makatagpo sila ng malinaw na tanda ng pagkalinga ng Diyos. Manalangin tayo. ***Panginoon, dinggin Mo kami.***

*Lektor* Para sa mga may kapansanang pisikal: Nawa'y makadama sila ng pagtanggap at pagmamahal sa kanilang mga kamag-anak at pasanin nila ang kanilang krus nang may

buong pananalig. Manalangin tayo. ***Panginoon, dinggin Mo kami.***

*Lektor* Para sa mga kabingihang espirituwal at moral: Nawa'y buksan ng biyaya ng Diyos ang kanilang mga kalooban sa pagtanggap ng mensahe ng Mabuting Balita at tumugon sila sa mga daing ng kanilang kapwa. Manalangin tayo. ***Panginoon, dinggin Mo kami.***

*Lektor* Para sa mga kautalang espirituwal at moral: Nawa'y makatagpo sila kay Hesus ng lakas ng loob na magpahayag ng katotohanan, manindigan sa tama, at isumpa ang masama. Manalangin tayo. ***Panginoon, dinggin Mo kami.***

*Lektor* Upang tayong lahat ay matutong makinig sa panaghoy ng kalikasan at sa pagtangis ng lahat ng biktima ng mga trahedya sa kalikasan at hagupit ng pagbabago ng klima, at nang lahat ay matuto ring mangalaga para sa daigdig na kinalalagyan natin. Manalangin tayo. ***Panginoon, dinggin Mo kami.***

*Lektor* Sa katahimikan, idalangin natin ang ating mga pansariling kahilingan.

*Maglaan ng sandaling katahimikan.*

*Pari* Manalangin tayo.

Panginoong Diyos, panghihinaan kami ng loob kung wala Ka, ngunit kung kasama Ka

namin, may magagawa kaming mga kadakilaan. Pagalingin Mo kami ngayon sa aming mga pangamba, kahinaan, at kapintasan nang kami'y mabuhay sa Iyong presensiya nang may masiglang kalooban. Sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon. *Amen.*